
Sa Aklat ni Juan kabanata 4, may isang kuwento tungkol sa isang pinuno ng pamahalaan na humiling kay Jesus na iligtas ang anak niyang malapit nang mamatay. Hindi pinuntahan ni Jesus ang anak sa bahay, subalit iniligtas ito sa pamamagitan lang ng salita Niya. Patuloy na nagpapakita ng mga makapangyarihang pagkilos ang Diyos na hindi nagbabago, maging kahapon at ngayon. Sa pagdiriwang ng ika-500 *Balitang Manmin* sa wikang Koreano, ilalahad namin ang kuwento ng isang babae sa Pakistan na makabagbag damdaming nabago ang buhay. Siya ay nabuhay kahit na nasa bingit na ng kamatayan dahil sa panalangin ni Dr. Lee na lumalampas sa kalawakan at panahon. Ibinibigay namin ang pasasalamat at kaluwalhatian sa Diyos.

# "Babaing Taga-Pakistan na Nabuhay Muli Pagkatapos Ipanalangin ni Dr. Lee ang Litrato Niya. Pagkalipas ng 13 taon, Kumusta na Kaya Siya?"



Serish Cynthia (Lahore Manmin Church, Pakistan)

① Si Cynthia, idinadaing ang sakit, nawalan na ng pag-asang gumaling kahit pa maoperahan dahil sa celiac disease at colon obstruction
② Si Dr. Jaerock Lee na idinadalangin ang litrato niya.
③ Si Cynthia at ang pamilya niya pagkatapos mapagaling.
④ Lumaking malusog si Cynthia at nag-aaral na ng medisina sa kolehiyo

### Ang timbang niya ay 11kg noong pitong taong gulang siya...

Noong kalagitnaan ng Hunyo 1999 ay napakainit ng panahon kahit gabi na. Nagsuka ang pitong taong gulang na batang babae na si Serish Cynthia. Nang ipanalangin siya ng ama niyang si Pastor Wilson John Gil sa Lahore Manmin Church, parang gumaling na siya. Subalit hindi nagtagal, nagsimula ulit ang pagdudumi niya. Mas lumala pa ang kondisyon niya at nagmukhang berde at madugo na ang dumi niya. Sa bandang huli, ni hindi na siya makapunta sa banyo. Namaga ang tiyan niya at dumadaing na siya dahil sa sakit.

Itinakbo siya sa Lacid Hospital. Pagkatapos ng iba't ibang pagsusuri, nakitang may nakabara sa colon (malaking bituka) niya at may celiac disease na nakakapinsala sa maliit na bituka sanhi ng hindi magandang reaksyon ng katawan niya sa kinain niya. Naging kritikal ang lagay niya. Sinabi ng doktor na hindi siya mabubuhay kung hindi siya ooperahan. Dahil ang timbang niya ay 11kg lang, napakaliit ng pag-asang mabuhay pa siya kahit maoperahan pa.

Gayon pa man, ang Panginoon ang tanging pag-asa. Dahil nakita ni Pastor Wilson John Gil ang kapangyarihan ng Diyos na naihayag sa pamamagitan ni Dr. Jaerock Lee, mayroon siyang pananampalataya na ang anak niya ay mapapagaling sa pananalangin niya.

### Tatlong araw pagkatapos ipanalangin ni Dr. Lee ang litrato niya, pinauwi na siya mula sa ospital

Kumuha siya ng video ng anak niyang malapit nang mamatay at ibinigay ito sa isa pang anak, si Maria. Pumunta sa Korea si Maria para palaguin ang pananampalataya niya at para mag-aral ng wikang Koreano. Nagtungo siya kay Dr. Lee, dala-dala ang litrato ng kapatid niya.

Noong Hulyo 23, 1999, ika-10:50 ng gabi, sa Seoul, tumanggap siya ng panalangin bago magsimula ang Magdamag na Pagsamba Tuwing Biyernes. Nang sandaling iyon, nagsimulang gumaling si Cynthia (ika-7:50 ng gabi, sa Pakistan). Namangha ang mga doktor niya.

Dapat siyang tumigil sa ospital ng isang buwan dahil sa kondisyon niya. Subalit pinauwi na siya pagkaraan ng tatlong araw pagkatapos maipanalangin.

Araw-araw, nagpatuloy siyang gumaling. Noong Setyembre 9, ipinanalangin siyang muli ni Pastor Taesik Gil, na bumisita sa Pakistan sa biyaheng pang-misyon, gamit ang panyong ipinanalangin ni Dr. Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12). Pagkatapos nito, nakalakad na siyang mag-isa.

### Si Cynthia, na binansagang 'babaing mahimala'

Magmula noon, wala na siyang iniinom na gamot at nananatiling maayos ang kondisyon. Sa Pakistan, ang bansag sa kanya ngayon ay 'babaing mahimala.' Pahayag ng kanyang ama:

"Nakaranas ng malaking kasiglahan ang iglesya namin pagkatapos ng mahimalang paggaling ni Cynthia. Nagpapasalamat din ang mga miyembro ng pamilya ko at ang mga mananampalataya kay Dr. Jaerock Lee na nanalanging lampas pa sa kalawakan at panahon. Gusto naming ibigay ang luwalhati at pasasalamat sa Diyos na nagpadala sa amin ng lingkod Niya, si Punong Pastor Dr. Jaerock Lee."

Narinig ni Cynthia ang tungkol sa paggaling niya mula sa pamilya niya at sa mga miyembro ng iglesya. Nakatulong ito sa paglago ng pananampalataya niya. Nagpasalamat siya sa Diyos na nagbigay sa kanya ng bagong buhay at nagpasiyang ibabalik ang pagpapala ng Diyos. Hinihintay niya ang pagkakataong mapasalamatan si Dr. Lee ng personal.

Pinapalago niya ang pananampalataya niya sa pamamagitan ng mga programa sa GCN tulad ng mga sermon ni Dr. Lee, mga patotoo, at mga papuri. Tumanggap siya ng maraming pagpapala, lalo na sa sermon mula sa '*Ang Mensahe ng Krus*' at nalaman ang daan patungo sa kaligtasan. Mahiyain siya dati, subalit ngayon, nagbibigay luwalhati siya sa Diyos sa mga natatanging papuri at patotoo niya sa mga gawain ng iglesya. Nagbabasa din siya ng *Balitang Manmin* at nananalangin nang walang patid.

### Gustong maging isang doktor na nagbabahagi ng kapangyarihan ng Diyos

Maliwanag ang pangitain sa puso niya na hindi kayang baguhin ninuman. Gusto niyang maging doktor na nagbabahagi ng kapangyarihan ng Diyos. Noong 2005, may pangyayaring naging dahilan para magkaroon siya ng pangitain. Ito ay bago idaos ang Ika-2 International Christian Medical Conference (Pandaigdigang Pagpupulong Tungkol sa Medisina ng mga Cristianong Doktor) na pinangungunahan ng WCDN (World Christian Doctors Network o pandaigdigang Samahan ng Mga Cristianong Doktor) sa Chennai, India.

Hiniling ng ama niya sa doktor na dating gumagamot sa kanya na dumalo sa pulong at ipaalam sa iba ang kapangyarihan ng Diyos. Kaya lang, tumanggi ang doktor na iyon dahil siya ay Muslim. Nang malaman ito ni Cynthia, nagpasiya siyang maging isang doktor na magbabahagi tungkol sa kapangyarihan ng Diyos sa hindi mabilang na mga doktor sa mga susunod na pulong ng WCDN.

Para matupad ang layunin niya, masigasig siyang nag-aral ng Ingles, ang pandaigdigang wika, at ngayon ay matatas na ang pagsasalita niya ng wikang ito. Natanggap siya sa Defense Degree College for Women sa Lahore, isa sa mga kinikilalang kolehiyo sa bansang Pakistan. Siya ay nasa ikalawang taon na ng pag-aaral ng medisina.

Patotoo niya, "May labintatlong taon na mula nang nabigyan ako ng bagong buhay, pero pinapanibago kong muli ang puso at pananampalataya ko sa tuwing maaalaala ko ang pinagdaanan ko. Nagpapasalamat ako kay Dr. Lee na nagpakita at nagparamdam sa akin ng pag-ibig at kapangyarihan ng Diyos. Bilang isang buhay na saksi, magiging doktor ako na magbabahagi ng makapangyarihang pagkilos ng Diyos."

Ibinibigay namin ang lahat ng pasasalamat at pagluluwalhati sa Diyos Ama, at umaasa na ang kapangyarihan Niya ay maibabahagi sa buong mundo sa pamamagitan ni Cynthia.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: www.manmin.org/english
Email: manminministry@gmail.com

Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

Balitang Manmin

NO. 48 OKTUBRE 16, 2011

# Ang Pagdiriwang ng Ika-500 Paglalathala ng *Balitang Manmin* Sa Tulong ng Mary's Mission



Naisalin na sa animnapu't pitong wika ang mga libro ni Dr. Lee kasama na ang Ingles, Pranses, at Ruso. Mahigit na isangdaa't animnapung salin na ang nailathala at naipamahagi sa dalawampu't walong mga wika. Ang Strang Communications, U.S.; Destiny Image Europe, Italy; Grace Publishing House, Taiwan; The Baruch Publishing House, Ukraine; Andi Publishers, Indonesia; Guardian Publishing House of Essence Communications ng Canada; Editora Naos, Brazil; at Word of Christ, India ay ilan sa labingwalong tagapaglathala.

Noong Setyembre 25, 2011, ipinagdiwang ang ika-500 paglalathala ng *Balitang Manmin* sa wikang Koreano. Nagbabahagi ang *Balitang Manmin* ng tungkol sa mga biyayang natatanggap ng mga tao sa buong mundo. Bilang bahagi ng pagdiriwang, namigay sila ng mga libro. Isa itong ginintuang pagkakataon para sa mga mambabasa upang lalo silang maging matatag sa pananampalatayang Cristiano sa pamamagitan ng mga librong ito.

Namamangha ang mga pastor at mga teologo sa buong mundo na nakabasa na ng mga libro ni Dr. Jaerock Lee. Sinasabi nilang laman ng mga ito ang diwa at buod ng tunay na ebanghelyo. Ito'y dahil may kapangyarihang baguhin ang espiritu, kaluluwa, at katawan ng limang sangkap ng ebanghelyo ng Pagbabagong-buhay, Pagpapabanal, Banal na Pagpapagaling, Muling Pagkabuhay, at ang Muling Pagdating.

Sinabi ng Misyonerong Pastor na si Serge Jecoby (Chukurei Manmin Mission Center, Belgium), "Ang libro ni Dr. Lee *na Ang Mensahe ng Krus* ay may napakalalim na mensaheng espirituwal. Ayon sa mga kaibigan ko at sa mga pastor, nadama nila ang presensya ng Banal na Espiritu habang binabasa ang libro."

At ipinagtapat niyang ang mga libro ni Dr. Lee ay mga kayamanan sa gitna ng mga kayamanan na tumutulong sa espirituwal na paglago natin at nagbibigay sa atin ng tunay na pananampalataya. Ang mahigit sa animnapung librong nailathala na niya ay puno ng mayayamang espirituwal na karanasan at kapangyarihan na natamo niya mula sa pagninilay sa Biblia, pag-aayuno, at walang patid na pananalangin. Ang mga mensahe niya ay madaling maunawaan ng kahit na sino.

Sinabi ng Kapatid na Yongjang Kim, taga-Fiji, Oceania, "Binasa ko nang husto ang mga libro niya: *Ang Mensahe ng Krus*, *Ang Mensahe ng Krus*, *Kabanata I* at *II*, *Impiyerno*, at *Spirit, Soul, and Body I* at *II*. Naging maliwanag sa akin kung sino ang Diyos na may Tatlong Persona, kung ano ang Langit at Impiyerno, at kung ano ang kahulugan ng 'espiritu' na dati ay hindi malinaw sa akin."

Ayon kay Kapatid na Minina Nona na taga-Israel, "Gustung-gusto ko ang mga libro ni Dr. Lee. Nabagbag ang damdamin ko ng *My Life, My Faith.* Sa palagay ko dapat itong maging parte ng aralin para sa mga pastor at mga manggagawa. Bihira na tayong makakita ng katulad ni Dr. Lee na masigasig na naglilingkod sa Diyos at taimtim na nananalangin."

Napagtanto ng Kapatid na Subin Gang na nasa ika-limang baitang ang dakilang pag-ibig ng Diyos habang binabasa ang librong *Impiyerno*. Sinabi niya, "Akala ko hindi ako mapupunta sa impiyerno. Gusto kong malaman ng mga hindi mananampalataya na mapupunta tayo sa Langit o sa Impiyerno sa oras na mamatay tayo."

Naisalin na sa animnapu't pitong wika ang mga libro ni Dr. Lee kasama na ang Ingles, Pranses, at Ruso. Mahigit na isangdaa't animnapung salin na ang nailathala at naipamahagi sa dalawampu't walong mga wika. Ang Strang Communications, U.S.; Destiny Image Europe, Italy; Grace Publishing House, Taiwan; The Baruch Publishing House, Ukraine; Andi Publishers, Indonesia; Guardian Publishing House of Essence Communications ng Canada; Editora Naos, Brazil; at Word of Christ, India ay ilan sa labingwalong tagapaglathala.

Ang Pitong 'Pinakamahuhusay na mga Libro' ni Dr. Jaerock Lee

Sa pamamagitan ng libro, mamanahin ninyo ang espirituwal na karunungan na naipon ng isang tao sa buong buhay niya. Sa pagbabasa, makakamit ninyo ang diwa ng ebanghelyo ng kabanalan na naranasan ni Dr. Lee sa walang patid na pag-aayuno at pananalangin.
Tunay na kayamanan ng mga kayamanan ang pagbabasa!




Email: urimbook@hotmail.com Phone: 82-70-8240-5621 URIM BOOKS

# Diyos na may Tatlong Persona

"Kaya't sa paghayo ninyo, gawin ninyong alagad ang lahat ng mga bansa, bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo." (Mateo 28:19)

Ang Tatlong Persona ng Diyos ay Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu. Dahil nagsimula sila na iisa, tinawag silang 'Diyos na may Tatlong Persona' kahit na mayroon silang iba-ibang tungkulin. Ito ay isa sa mga napakahalagang doktrinang Cristiano at mahiwagang mensahe tungkol sa Pinagmulan ng Diyos na Manlilikha.

Maaaring mahirap itong maunawaan ng limitadong karunungan at teorya ng tao, subalit kung makikilala natin ang Diyos na may Tatlong Persona mababatid natin ang pag-ibig at kalooban Niya at tatanggapin natin ang Kanyang mga tugon at biyaya.

### 1. Ang Kalooban ng Diyos para sa Pangangalaga ng Tao

Sinabi ng Diyos sa Exodo 3:14, "AKO AY ANG AKO NGA." Hindi Siya ipinanganak ng sinuman o walang lumikha sa Kanya. Nabuhay Siya sa simula pa lang. Wala Siyang simula at wakas. Nabuhay Siya mula sa walang hanggan hanggang sa walang hanggan na hindi kayang isipin ng tao.

Ang Diyos na Pinagmulan ay nabuhay sa anyong liwanag na mayroong tunog sa napakalaking kalawakan (Juan 1:1; 1 Juan 1:5). Mula sa isang itinakdang pagkakataon, ginusto Niyang magkaroon ng iibigin. Sa wakas ay nagplano Siyang magkaroon ng mga tunay na anak sa pamamagitan ng pangangalaga ng tao.

Hinati muna ng Diyos ang orihinal na kalawakan para sa pangangalaga ng tao. Hinati Niya ito sa espirituwal na kalawakan at sa pisikal na kalawakan kung saan maninirahan ang mga taong may katawan. Nang panahong iyon, nagsimula Siyang mabuhay bilang Diyos na may Tatlong Persona - Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.

Sinasabi sa atin ng Biblia sa Ang Mga Gawa 13:23 at Sa Mga Hebreo 5:5 na ang Diyos Anak na si Jesus-Cristo, ay anak ng Diyos. Sinasabi din sa Juan 15:26 at sa Galacia 4:6 na ang Banal na Espiritu ay isinugo ng Diyos. Hinirang ng Diyos Ama mula sa Kanya ang Diyos Anak na si Jesus at ang Diyos Espiritu Santo. Kinakailangan ito para tuparin ang pangangalaga ng tao.

Ang Diyos Anak at ang Diyos Espiritu Santo ay hindi nilikha ng Diyos. Sila ay mga buhay na anyo ng Diyos. Nabubuhay Silang may kasarinlan para sa pangangalaga ng tao. Mayroon Silang kanya-kanyang tungkulin, subalit Iisa ang puso, saloobin, at kapangyarihan na dahilan kung bakit tinutukoy natin Sila bilang 'Diyos na may Tatlong Persona.'

### 2. Ang Mga Katangian at ang Kaayusan ng Diyos na may Tatlong Persona

Tulad ng Diyos Ama, may walang hanggang karunungan at kapangyarihan si Jesus na Anak ng Diyos at ang Banal na Espiritu. At nadarama at nagnanais din Sila ng kung ano ang nadarama at ninanais ng Diyos Ama.

Dahil nakakadama ang Diyos Ama ng galak at pasakit, ganito rin naman si Jesus na Anak ng Diyos, at ang Banal na Espiritu. Gayon pa man, Sila ay may kasarinlan. Ang bawat isa sa Tatlong Persona ay mayroong sariling katangian at tungkulin.

Kaisa ng Diyos Ama ang Diyos Anak at ang Banal na Espiritu sa mga nais Niya. Subalit mas nabigyang-diin ang pagka-Diyos sa Diyos Anak, kaya mas naipakita Niya ang banal na karangalan at katarungan. Gayunpaman, sa Banal na Espiritu, mas nailantad ang pagpapahalaga ng sangkatauhan, kaya may katangian Siyang magiliw at mahabagin.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

Sa ganitong paraan, ang Diyos na Banal na Anak at ang Diyos na Banal na Espiritu ay orihinal na nagmula sa Diyos na Banal na Ama, subalit mayroon din Silang pansariling katangian bilang mga buhay na anyo Niya. Tumanggap Sila ng sariling gawain at magkaibang posisyon at tungkulin. Kung pag-uusapan ang posisyon Nila, nauuna ang Diyos Ama at pangalawa ang Diyos na Banal na Anak. Buong pagmamahal Silang pinaglilingkuran ng Diyos na Banal na Espiritu.

### 3. Ang mga Tungkulin ng Diyos na may Tatlong Persona

Kahit na kumikilos ng sama-sama ang Diyos na may Tatlong Persona para sa pangangalaga ng tao, tinutupad pa rin Nila ang sariling tungkulin Nila. Sa pamamagitan nito, ang lahat ng kalooban ng Diyos sa pangangalaga sa tao simula sa paglikha hanggang sa kaligtasan ay magaganap. Ano ang mga tungkuling ginagampanan ng Diyos Ama, Diyos Anak, at Diyos Espiritu Santo?

#### 1) Binuksan ng Diyos Anak na si Jesus ang Daan Patungo sa Kaligtasan.

Ang tungkulin ng Diyos Anak ay buksan ang daan patungo sa kaligtasan ng mga taong makasalanan. Si Jesus ay Anak ng Diyos, subalit bumaba sa lupa nang may katawan at naging Tagapagligtas. Ang dahilan kung bakit Siya ang naging Tagapagligtas: tunay na karapat-dapat Siya batay sa espirituwal na batas.

Ang mga katangian para maging Tagapagligtas ng sangkatauhan ay ang mga sumusunod: unang-una, dapat tao ang tagapagligtas; pangalawa, dapat hindi siya nagmula kay Adan; pangatlo, dapat mayroon siyang espirituwal na kapangyarihan; at panghuli, dapat mayroon siyang pag-ibig. (Mula sa: *Ang Mensahe ng Krus*)

Si Jesus ay ipinanganak sa laman na may anyong tao, subalit ipinaglihi Siya ng Banal na Espiritu sa sinapupunan ni Birheng Maria. Sa dahilang hindi Siya ipinanganak sa pagsasama ng sperm ng lalaki at egg ng babae, wala Siyang minanang likas na pagiging makasalanan. At namumuhay lang Siya ayon sa Salita ng Diyos, kaya hindi rin Siya nagkasala. Dahil ang Jesus na ito ay ipinako sa krus, mapapatawad ang ating mga kasalanan dahil sa Kanyang dugo.

Kung hindi ginampanan ni Jesus ang tungkulin Niya bilang Tagapagligtas, lahat ng inapo ni Adan ay patungo sa Impiyerno. Hindi rin matutupad ang hangarin at layunin ng pangangalaga ng tao para magkaroon ng tunay na mga anak. At hindi magkakaroon ang Diyos ng mga tunay na anak na iibigin Niya magpakailanman.

Inihanda ng Diyos ang Anak Niyang si Jesus para tuparin ang hangaring pangangalaga ng tao. Kung sino man ang magtiwala kay Jesus, na ipinako sa krus kahit walang kasalanan para sa mga makasalanan ay papatawarin at magkakaroon ng karapatang maging mga anak ng Diyos.

#### 2) Ang Banal na Espiritu na Nagpapatibay ng Perpektong Kaligtasan

Sa proseso ng pangangalaga ng tao, ginagawang perpekto ng Banal na Espiritu ang kaligtasang natamo sa pamamagitan ng Anak ng Diyos. Siya ay nagpupunla ng pananampalataya sa puso ng mga tumanggap kay Jesu-Cristo at umaakay sa kanila hanggang makapasok sa kaharian ng langit.

Ang pinakabukod-tanging kaibahan ng tungkulin ng Banal na Espiritu ay ang pagbaha-bahagi Niya sa 'hindi mabilang na mga espiritu.' Kahit nasa isang lugar lang ang orihinal na Espiritu, ang mga espiritung nagmumula sa Kanya ay may naisin at kapangyarihang katulad ng nasa orihinal na Espiritu. Lumalabas sila mula sa Kanya at kumikilos nang sabay-sabay sa buong mundo.

Mangyari pa, ang Diyos Ama at ang Diyos Anak na si Jesus at ang Banal na Espiritu ay maaring magbaha-bahagi ng Kanilang Espiritu. Subalit pinakakatangi-tangi ito sa pagkilos ng Banal na Espiritu.

Kapag tinanggap ninyo ang Panginoon, ang Espiritung magmumula sa Banal na Espiritu ay papasok sa puso ninyo. Magbibigay ang Banal na Espiritu na nasa puso ninyo ng espirituwal na pananampalataya at magiging personal na guro na gagabay sa inyo sa wastong sukat ng pananampalataya.

Ipinapabatid sa inyo ng Banal na Espiritu ang katotohanan at tumutulong sa mga anak ng Diyos na ipamuhay ang kalooban Niya sa pamamagitan ng pagdaing kapag nagkakasala (Mga Taga-Roma 8:26). Higit pa riyan, pinupuspos Niya tayo, pinapasigla, at binibigyan ng mga espirituwal na handog para tumanggap tayo ng kapangyarihang maiwaksi ang mga kasalanan at makaranas ng mga gawa ng Diyos.

#### 3) Ang Diyos Ama ang Punong Tagapamahala ng Pangangalaga ng Tao

Ang Diyos Ama ang Punong Tagapamahala sa planong pangangalaga ng tao. Siya ang Manlilikha at Pinuno ng lahat ng bagay at ang Hukom sa wakas ng panahon. Habang kumikilos nang sama-sama ang Tatlong Persona, ang bawat isa sa Kanila ay mayroong tukoy na tungkulin at posisyon.

Sinasabi sa 1 Juan 5:8, "Ang Espiritu, ang tubig, at ang dugo; at ang tatlo ay nagkakaisa." Ang tubig ay tumutukoy sa gawain ng Diyos na Siyang Salita at ang dugo ay tumutukoy sa gawain ng Panginoon na nagbuhos ng dugo sa krus. Sa madaling salita, sa pagkilos ng magkakasama bilang Banal na Espiritu, tubig at dugo, binibigyan ng Diyos na may Tatlong Persona ang mga anak Niya ng mga patunay ng kaligtasan.

Sa Mateo 28:19 sinabi ni Jesus, "Kaya't sa paghayo ninyo, gawin ninyong alagad ang lahat ng mga bansa, bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo." Binasbasan din ni apostol Pablo ang mga mananampalataya sa pangalan ng Diyos na may Tatlong Persona na nakasulat sa 2 Mga Taga-Corinto 13:14 na sinasabing, "Ang biyaya ng Panginoong Jesu-Cristo, ang pag-ibig ng Diyos, at ang pakikisama ng Espiritu Santo ay sumainyo nawang lahat."

Mahal kong mga kapatid kay Cristo,

Umaasa akong kayo ay magiging tunay na mga anak ng Diyos sa pagkilos ng Diyos Ama, Diyos Anak, at Diyos Espiritu Santo. Sa pamamagitan nito, idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na tatanggapin ninyo ang mga sagot sa mga panalangin ninyo at mararating ang perpektong kaligtasan.

**Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas**

| Manila Manmin Holiness Church | Bataan Manmin Holiness Church | Isabela Manmin Holiness Church | Cavite Manmin Holiness Church | Imus Manmin Holiness Church | Cebu Manmin Holiness Church | Davao Manmin Holiness Church |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Philippines<br>Pastor Peter Bae<br>Pastor Lucy Lee<br>2-735-1423 | 067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Philippines<br>Pastor Peter Bae<br>Pastor Lucy Lee<br>0910-262-5465 | Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Philippines<br>Pastor Peter Bae<br>Pastor Lucy Lee<br>0905-649-1120 | 5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, philippines<br>Pastor Sharon Cho<br>046-850-3193 /<br>0916-674-3903 /<br>0905-319-8191 | Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Philippines<br>Pastor Jubeom Kim<br>0927-311-7633 | LOT N. 402 - B-4<br>Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City Cebu, Philippines<br>Pastor Rossetta Sung<br>0921-635-7595 | 301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Philippines<br>Pastor Kathryn Kim<br>0908-635-2714 |



# "Pagkatapos Basahin ang librong *Ang Mensahe ng Krus*, Nakalaya Ako sa Pagiging Sugapa sa mga Laro sa Internet"

**Diakono Sanghun Han** (16-ika-2 Parish, 2-ika-4 Misyon ng Kalalakihan)

Noong Nobyembre 2001, ipinakilala ako sa naging misis kong si Diakonesa Pilsook Choi ng isang kakilala at kami ay nagpakasal. Dahil ako ay 37 na at ang asawa ko ay 36 noong panahong iyon, gusto naming magkaanak kaagad. Subalit hindi siya nabuntis sa loob ng isang taon. Nababahala dito ang mga magulang namin.

Gayon pa man, ang misis ko ay ni hindi nag-alala. May mga nakita at narinig kasi siyang mga patotoo ng mga nagkaanak pagkaraan ng pito, sampu, o kahit dalawampung taon dahil sa pananalangin ni Dr. Jaerock Lee.

Noong Oktubre 2002, marubdob na nanalangin ang misis ko at tumanggap ng panalangin ni Dr. Lee. Hindi nagtagal, naglihi ang asawa ko sa biyaya ng Diyos. Dahil matagal ko nang pagnanais ito, naging masigasig ang buhay Cristiano ko at naghandog ako ng ikapu. Pero panandalian lang ito. Bumalik ako sa dating gawi. Kahit na nahihirapan siya sa paglilihi o kaya ay nahihirapang magkikilos, nakababad ako sa online games o mga laro sa internet.

Nang sumunod na taon, Hulyo 14, ipinanganak ang anak kong lalaki, si Seonghee. Masayang-masaya ako kaya itinigil ko ang paninigarilyo tulad ng ipinangako ko sa misis ko. Subalit, sa palagay ko, mas gusto ko ang larong "Go", baraha, o "Yut" nang higit pa kaysa sa asawa at anak ko. Hindi ko ginagawa ang tungkulin ko bilang mister. Sugapa ako sa online games.

Abala ako sa online games sa bahay at kahit sa opisina. Naglalaro ako hanggang ika-2:00 ng umaga araw-araw. Hindi na kailangan pang banggitin na wala nang pag-asa ang buhay Cristiano ko. Nagpatuloy sa ganitong kalagayan ang buhay ko sa loob ng sampung taon. Hindi ko kayang isipin kung gaanong lungkot ang nadama ng misis ko dahil sa akin.

Nalaman ko na lang na ipinasa-Diyos na lang niya ang lahat sa pag-ibig, panalangin, at pananampalataya. Hindi niya ako binunganga ni nagreklamo siya. Naniniwala siyang magbabago din ako balang araw.

Noong Marso 1, 2011, narinig kong pinag-uusapan ako ng misis ko at ng anak ko. Sinabi ng anak ko, "Inay, nag-aalala ako kay Tatay. Paano kung mapunta siya sa Impiyerno?" Sumagot ang misis ko, "Paano mo nasabi ang bagay na iyan? Pagpapalain siya ng Diyos. Magbabago rin siya. Manalangin, at ipanalangin mo siya na makarating sa Langit kasama natin. Maaari ba natin siyang sabay na ipanalangin?"

Pagkatapos ng dalawang araw, sinabi sa akin ng anak ko, "Tatay, puwede bang itigil mo ang paglalaro at magbasa ka ng mga libro ni Dr. Lee?" Sabi ko, "Sige, gagawin ko!" Kinonsiyensya ako sa sinabi niya, pero hindi pa rin taos sa puso ang pagpayag ko. Gayunpaman, may kamangha-manghang nangyari sa akin.

Noong Marso 7, pagkakain ng hapunan, bigla ko na lang napansin ang isang libro sa mesa. Ito ang pangunahing libro ni Dr. Lee, *Ang Mensahe ng Krus*. Nahikayat akong basahin ito kaya binuksan ko.

Sa loob nito ay may litrato si Dr. Lee. Pakiramdam ko'y binati niya ako. Kadalasan, nakakatulugan ko ang pagbabasa ng libro, pero ibang-iba ngayon. Kataka-takang ni hindi ako inantok kahit walang tigil ang pagbabasa ko. Gising na gising ako at naramdaman kong umapaw sa akin ang pagpapala. Nagpatuloy ako sa pagbabasa sa loob ng tatlo hanggang apat na oras.

Noong araw na iyon, ni hindi ko binuksan ang computer. Kinabukasan, gusto ko nang malaman kung ano ang nilalaman ng susunod na kabanata habang papunta sa trabaho. Hanggang kahapon, tanging online games lang ang laman ng puso ko. Masaya ako at nagagalak na basahin ang libro ni Dr. Lee.

Nagkaroon ako ng pag-asa sa Langit at



nagpasiyang mamuhay sa salita ng Diyos. Hindi na ako naglaro ng online games magmula noon.

Namamangha pa rin ako sa katotohanang bigla ko na lang naihinto ang paglalaro ng online games na nakasira sa akin sa loob ng mahigit sa sampung taon. Sa tingin ko'y hindi ko magagawang huminto sa sarili kong lakas. Ang pagpapala ng Diyos at ang tulong ng Banal na Espiritu ang nagpalaya sa akin dito. Kahit ilang beses na akong inudyukan ng Banal na Espiritu na itigil ang paglalaro, hindi ko ito matalikuran. Subalit ngayon, kumilos Siya sa pamamagitan ng anak ko.

Ngayon ay nasisiyahan ako sa pagbabasa ng mga libro ni Dr. Lee at taimtim na nananalangin sa Pulong Panalanging Daniel. Puno ng saya ang pamilya ko. Nagkakaunawaan na kami. Pinag-uusapan namin sa bahay kung paano lalago ang buhay espirituwal namin at binabasa namin nang magkakasama ang mga libro ni Dr. Lee.

Tumatanggap din kami ng maraming pagpapala sa mga programa ng GCN sa halip na manood ng mga drama o iba pang mga programa sa TV. Nais naming magkaroon ng pagsamba sa bahay sa bawat linggo. Lahat ng pasasalamat at luwalhati ay ibinibigay ko sa Diyos na nagbigay sa amin ng tunay na kaligayahan.



## Kamuntik nang Mamatay Dahil sa Aksidente

**Kapatid na Sol Jin** (Misyong Pangkolehiyo)

Nag-aaral ako ng pagkanta sa Yonsei University. Kailangan kong kumita ng pera dahil plano kong mag-aral sa ibang bansa pagkatapos ng graduation. Labis akong nag-aalala sa pera. Naisip kong kailangang magsariling sikap.

Hindi ko isinaalang-alang ang nararamdaman ng mga magulang ko na walang kakayahang magbigay ng pinasyal na suporta sa akin dahil sa situwasyon ng pamilya namin. Nagreklamo lang ako, at hindi pansin ang mga maling ginagawa ko.

Noong Hulyo 21, nagmamaneho ako sa bilis na 100 kilometro bawat oras sa Dongjak Bridge. Nang sandaling iyon, pagliko ko papuntang National Cemetery, tumama ang kotse ko sa gilid ng bangketa. Bumaliktad ito at nawasak. Wala na itong pakinabang pagkatapos ng aksidente. Magkagayon man, walang nangyaring pinsala sa akin o kay kapatid na Hyungwan Moon na kasama kong nakaupo sa harapan. Nakapagtrabaho pa kami kinabukasan at walang naging masamang epekto sa amin ang aksidente.

Sa bingit ng kamatayan, naisip ko ang isang talata sa Biblia. Ito ay Mga Kawikaan 16:9 na nagsasabing, "Ang puso ng tao ang nagpapanukala ng kanyang daan, ngunit ang PANGINOON ang nangangasiwa ng kanyang mga hakbang."

Nagpasalamat ako sa pag-ibig ng Panginoon na nagkaloob ng maraming biyaya sa akin para makapag-aral ako ng pagkanta, at sa pag-iingat sa amin sa aksidente. Pinagsisihan ko na pinag-alala ko ang mga magulang ko. Nagpapasalamat ako sa Diyos na gumagawa sa lahat ng bagay para sa ikabubuti.

